

PAGSUSURI SA MGA SALIK NA NAKAAAPEKTO SA KOMPREENSYON NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO 7

Zeny D. Gumapac¹, Mildred B. Quiño², Christine Joy C. Hubac³, Fe A. Varona⁴

^{1,2,3}(Graduate School, Cebu Technological University, Main Campus, Cebu City, Philippines)

⁴(Asso. Prof. V, Graduate School, Cebu Technological University, Main Campus, Cebu City, Philippines)

ABSTRAK: Ang komprehensyon ay isang mahalagang kasanayan na nagsisilbing pundasyon ng tagumpay ng mga mag-aaral, hindi lamang sa kanilang akademikong buhay kundi pati na rin sa pagharap sa mga hamon ng mas malawak na mundo. Kaugnay nito, nilayon ng pag-aaral na masuri ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng iilang mga mag-aaral sa Filipino 7 upang makapagmumungkahi ng potensyal na interbensyon na maaaring magamit sa silid-aralan upang mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibo at kwantitatibong pananaliksik. Batay sa resulta, natuklasan na ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino 7, makikita na ang mga hamon sa pag-unawa sa mga salita at teksto ay may malalim na ugat sa kakulangan ng bokabularyo, estratehiya sa pag-unawa, at motibasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa, ang balanseng paggamit ng tradisyonal na sanggunian at ng modernong teknolohiya ay mahalaga at makatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Iminumungkahi para sa mga mag-aaral at guro na maglaan ng oras para palawakin ang bokabularyo sa Filipino gamit ang mga kagamitan at estratehiyang makatutulong sa mag-aaral.

Mga Susing Salita: Filipino, guro, komprehensyon, mag-aaral, pag-unawa

I. INTRODUKSIYON

Sa pagkatuto ng bawat mag-aaral, kinakailangan ang komprehensyon. Ang komprehensyon ay isang mahalagang kasanayan na nagsisilbing pundasyon ng tagumpay ng mga mag-aaral, hindi lamang sa kanilang akademikong buhay kundi pati na rin sa pagharap sa mga hamon ng mas malawak na mundo. Ito ang nagtatakda ng kanilang kakayahang matuto nang malalim, mag-analisa nang may talino, at magbigay solusyon sa mga suliraning nangangailangan ng kritikal na pag-iisip. Kung wala ang pundasyong ito, mahihirapan ang mga mag-aaral na magtagumpay sa akademya, partikular sa pagbasa at pagsulat gayundin sa mga asignaturang tulad ng Ingles, Matematika, Agham, at Araling Panlipunan (Manlapaz et al., 2022).

Ang pag-unawa sa binasa (*reading comprehension*) ay ang kakayahang magbasa ng teksto, iproseso ito, at maunawaan ang kahulugan nito (Zimmerman at Hutchins, 2003). Ito ay may kinalaman sa pag-iisip, pagkatuto, at pagpapalawak ng kaalaman at pananaw ng isang mambabasa. Mangyaring, bukod sa tumatalas ang kanyang mga pandama, tumatayog ang kanyang guniguni, sumusulong ang pag-unlad ng kanyang katauhan at pagkatao.

Ang layunin ng mambabasa ay maunawaan ang kanilang binabasa na kung saan ang mambabasa ay aktibong kasangkot sa teksto (Teele, 2004). Kapag ang isang mag-aaral ay nagbabasa, ang mga estratehiya sa pag-unawa ang dagliang kumokonekta upang maiugnay ang kaalaman at karanasan sa teksto upang makabuo ng isang pagpapakahulugan. Ang pag-unawa o komprehensyon ay isang masalimuot na prosesong pangkaisipan na kung saan hindi ito matututunan sa isang upuan lamang kaya nangangailangan ang bawat mag-aaral ng tuloy-tuloy na pag-aaral, suporta at gabay ng mga tao sa paligid sa ikauunlad ng kanyang pag-unawa.

Ang adbokasiya ng literasiya ay tungkol sa pagpapalaganap ng kasanayan sa pagbasa, kasabay ng pagbubukas ng mga oportunidad, pagpapalalim ng pang-unawa, at pagpapasulong ng progreso (Damilola, 2023). Ang pagsasagawa ng mga adbokasiya ay binubuo ng masusing pagbabasa at pagpapalawak ng sariling kaalaman sa pagbasa upang mapalalim ang kakayahang mag-isip nang kritikal, maingat, at malalim tungkol sa pinakamahusay na mga paraan upang mapahusay ang kakayahang magturo sa mga mag-aaral gamit ang mga aklat at mga estratehiya sa pagbasa (LaRue & Ranzau, 2022).

Sa kabila ng kahalagahan ng kasanayan sa pagbabasa, may mga ulat na ang mga mag-aaral sa Pilipinas ay nagpakita ng nakakabahalang kahinaan sa iba't ibang pagsusuri (Senate of the Philippines, 2023) dulot ng mga puwang sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral (DepEd Memorandum No. 173, s. 2019). Sa isang pag-aaral ng World Bank (2022), nakararanas ang Pilipinas ng "*learning poverty*," kung saan humigit-kumulang 91% ng mga sampung taong gulang na mag-aaral ay nahihirapang intindihin ang naaangkop sa edad na teksto. Sa katunayan, sa resulta ng *Program for International Student Assessment (PISA, 2018; 2022)*, ang bansa ay pumapangalawa sa pinakamababang marka sa "*reading comprehension*" (OECD, 2023).

Batay sa naisagawang *Philippine Informal Reading Inventory (PHIL-IRI)* noong Disyembre 16, 2024 sa Sevilla National High School lumabas na ang mga mag-aaral sa Filipino 7 ay nakakuha ng pinakamababang marka na kung saan walang mag-aaral na nakakuha ng markang nasa 28 hanggang 40 na siyang hangganan sa pasadong marka. Ayon sa mga guro, ang mga mag-aaral ay marunong bumasa subalit may nakababahalang antas ng komprehensyon. Ang resultang ito ay nangangailangan ng agarang aksyon at solusyon na makatutulong na umangat o umunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral na nasa ikapitong (7) baitang ng Sevilla National High School.

Kaugnay nito, nais ng mga mananaliksik na kasalukuyang nagtuturo sa paaralang ito na magsagawa ng pag-aaral para maipakita ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral at matugunan ang kasalukuyang sitwasyon sa nasabing paaralan. Ayon sa mga guro, maraming mag-aaral ang nangangailangan pa ng karagdagang kaalaman sa pagbasa at gabay. Dagdag pa, nakakabahala rin sa kanila ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral at ika nga'y nangaingailangan ng agarang solusyon.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay may layunin na masuri ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng iilang mga mag-aaral sa Filipino 7 sa Sevilla National High School. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga salik na ito, magkakaroon ang mga mananaliksik ng kaalaman at pang-unawa nang sa gayon, makapagmumungkahi ng potensyal na interbensyon na maaaring magamit sa silid-aralan upang mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino 7.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Binigyang-diin ng pag-aaral na masuri ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng iilang mga mag-aaral sa Filipino 7 sa Sevilla National High School sa Taong Panuruan 2024-2025. Inaasahan na ang resulta ng pag-aaral na ito ay mahalaga upang makapagmumungkahi ng Interbensyon na maaaring magamit sa silid-aralan upang mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino 7.

Tiniyak na nailahad sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod:

1. Ano ano ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino 7 batay sa kanilang persepsyon kaugnay sa:

1.1. Pag-unawa sa mga Salita, at

1.2. Komprehensyon sa Teksto?


2. Ano anong mga kagamitan ang makatutulong para sa madaling pag-unawa sa binabasa batay sa personal na tugon ng mga mag-aaral?

3. Batay sa kabuuang resulta, ano ang maimumungkahing Interbensyon para mapaunlad ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino 7?

III. KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang adbokasiya ng literasiya ay tungkol sa pagpapalaganap ng kasanayan sa pagbasa, kasabay ng pagbubukas ng mga oportunidad, pagpapalalim ng pang-unawa, at pagpapasulong ng progreso. Nilalayan nito na bigyang-diin ang kahalagahan ng pagbasa—hindi lamang bilang isang kasanayan, kundi bilang isang susi na nagbubukas ng pinto tungo sa mas maliwanag na kinabukasan para sa mga indibidwal at buong komunidad. Dagdag pa, ang pagbasa ay isang paglalakbay ng pagtuklas at isang kasangkapan para sa personal at panlipunang pag-unlad (Damilola, 2023).

Ang pagsasagawa ng mga adbokasiya ay binubuo ng masusing pagbabasa at pagpapalawak ng sariling kaalaman sa pagbasa upang mapalalim ang kakayahang mag-isip nang kritikal, maingat, at malalim tungkol sa pinakamahasay na mga paraan upang mapahusay ang kakayahang magturo sa mga mag-aaral gamit ang mga aklat at mga estratehiya sa pagbasa (LaRue & Ranzau, 2022). Ito ay tumutukoy sa pagsusulong ng kahalagahan ng kakayahang bumasa at pagkakaroon ng mga babasahin, na ang layunin ay mapabuti ang antas ng literasiya ng bawat indibidwal at komunidad.



Sa pag-aaral nina Abeberesse, et al. (2014), natuklasan na ang pagpapatupad ng mga programa sa pagbasa ay nakauunlad sa komprehensyon at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sinasanay nito ang mga guro, at sumusuporta sa mga inisyal na pagkilos upang pataasin ang literasi ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Pinagtibay ito ni Frankel et al. (2016), na ang literasi ay dapat na patuloy na pinauunlad sa pamamagitan ng iba't ibang gawain o kaparaanan. Isa ang kasanayang pagbasa sa limang makrong kasanayan na dapat mahubog ng mga mag-aaral kabilang na dito ang pagbabasa at pag-intindi sa binabasa. Ito ay may malaking kaugnayan sa iba pang makrong kasanayang pakikinig, pagsasalita, pagsulat, at panonood ng isang tao dahil nagkakaroon ng kakayahang makabuo ng mga kaisipan at makapagpahayag ng damdamin, at maayos na pakikipagkomunikasyon sa lahat ng disiplina o larangan.

Sa pag-aaral ni Gilbas (2022) na *Reading Enhancement Advocacy in DepEd (R.E.A.D): Teachers' Life-Changing Task*, may mahalagang papel ang mga guro at tagapagtaguyod ng literasiya sa paglaban sa kawalan ng kakayahang bumasa ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin na kahit isang guro lamang ang tumulong sa isang mag-aaral na hindi pa marunong bumasa, maaari itong magbukas ng mas magandang kinabukasan, pati na rin sa kanyang pamilya at lipunan. Ayon din sa pananaw nina Biddle, et al. (2013), ang pagtuturo ay isang makapangyarihang kasangkapan ng panlipunang pagbabago. Napatunayang epektibo ang mga interbensyon sa pagbasa ng mga guro gamit ang sunod-sunod na materyales at regular na oras ng sesyon bawat linggo.

Maraming pag-aaral ang nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapaunlad ng kakayahang bumasa mula sa murang edad. Ayon kina Guthrie at Wigfield (2000), ang likas na motibasyon, sapat na akses sa mga aklat, at positibong kapaligiran sa pagbabasa ay may malaking epekto sa interes at kakayahang umunawa ng mga mag-aaral. Ang mga kampanya para sa pagbasa, lalo na yaong ipinatutupad sa mga paaralan, aklatan, at mga lokal na pamahalaan, ay maaaring makatulong upang mapunan ang agwat sa edukasyon at isulong ang pantay-pantay na oportunidad sa pagkatuto.

Dagdag pa, ang oras na ginugol sa pagbabasa kasama ang gabay ng mga bihasang tagapagturo sa literasiya (guro, tagapangalaga ng aklatan, tutor) ay may napakahalagang papel. Sa pamamagitan ng kanilang gabay, natututo ang mga bata kung paano gawing makabuluhan, pang-edukasyon, at malikhaing karanasan ang mga tekstong kanilang binabasa (Chudinova, et al., 2004).

Gaya ng *Simple View Reading (SVR)* na pananaw nina Gough at Tunmer na nagsasaad na ang pag-unawa sa pagbasa ay produkto ng dalawang magkaiba ngunit magkaugnay na kasanayan: pag-*decode*, ang kakayahang makilala ang mga indibidwal na nakasulat na salita, at pag-unawa sa wika, ang proseso ng pagbibigay-kahulugan sa mga salita at konektadong diskurso. Ang modelong ito ay naging tanyag at malawakang ginagamit para sa pag-unawa sa pagbasa (Adlof, et al., 2006), at ginagawa itong napakatagumpay na modelo. Ang parehong *decoding* at *linguistic comprehension* ay napakakumplikadong kasanayan na kinabibilangan ng maraming *sub-skills* (Kirby & Savage, 2008; Stuart, et al., 2008). Dagdag pa, binigyang-diin nina Gough at Tunmer na ang pag-unawa sa pagbasa ay hindi makakamit kung ang isa sa dalawang sangkap na ito ay nawawala. Ang pag-*decode* ay isang mahalagang bahagi sa pag-unawa sa pagbasa kasama ng pag-unawa sa wika.

Ang *Simple View of Reading* ay nagpapakita na ang kakayahan sa pag-unawa ng binasa ay nakadepende sa kakayahan sa *decoding* at sa kakayahan sa pag-unawa ng wika. Ipinaliwanag din dito kung ano ano ang mga kailangang sangkap ng epektibong pagtuturo ng pagbasa. Kailangan nating magbigay ng maagang pagtuturo sa pagbasa na sisiguro sa pagiging mahusay ng mga mag-aaral sa *decoding*, dahil kapag mahusay na sila rito, ang tanging magiging hadlang na lamang sa kanilang pag-unawa ay ang kaalaman nila sa paksang binabasa at ang kanilang kakayahang buuin at pagsama-samahin ang mga impormasyon (Farrell, et al., n.d.).

Isang mas bagong pag-aaral na sumusuporta sa *Simple View of Reading* ay isinagawa sa mga mag-aaral sa ika-8 baitang (Adlof, et al., 2006). Ipinapakita ng pag-aaral na ito na ang *Simple View* ay nagbibigay ng epektibong sistema sa pag-uuri ng mga estudyanteng nahihirapan sa pagbasa upang mabigyan sila ng tamang interbensyon.

Ika nga ang pagbasa ay pagkilala ng mga simbolo o sagisag na nakalimbag at pagpapakahulugan o interpretasyon sa mga ideya o kaisipan na gusto ng manunulat na ilipat sa kaisipan ng mambabasa (Chua, 2011). Ayon naman kay Blanca (2021), ang pagbasa ay pagkilala, pag-unawa, pagpapakahulugan at pagsusuri ng mga ideya sa mga nakasulat na teksto. Ito ay proseso ng paglalapat ng ideohiya ng may akda sa mga mambabasa. Sa pagbabasa ay natutunan ang iba't-ibang kasanayan ng isang indibidwal. Ang kasanayan sa pag-unawa ng binabasa ay mayroong malaking papel na ginagampanan upang maging makabuluhan at mayroong katuturan ang alinmang binabasa na maituturing bilang kasangkapan sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan (Makig-angay, et al., 2024).

Ang pagbabasa nang walang pag-unawa ay hindi tunay na pagbabasa; ito ay ang kakayahang kilalanin, bigkasin, at intindihin ang mga nakasulat na simbolo sa isang pahina. Sa ibang salita, ang pagbabasa ay proseso ng muling pagbubuo ng mga ideya ng isang may-akda at paghango ng kahulugan mula sa isang nakaimprentang pahina sa pamamagitan ng kakayahang makilala ang mga nakasulat na salita, kaalaman sa wika, at mga naunang karanasan sa pagbabasa at sa buhay (Satriani, 2018). Ayon kay Condez (2017), ang komprehensyon ay "ang proseso ng pagtatayo ng kahulugan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa isang bilang ng mga komplikadong proseso na kasama ang pagbabasa ng salita at kaalaman sa mundo. Ito ay tumutukoy sa kakayahan sa pagbibigay-kahulugan sa mga salita, pag-unawa sa kahulugan at ang mga relasyon sa pagitan ng mga ideya na ipinahayag sa isang teksto.

Ang pagbasa ay isa sa mga may pinakamalaking ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sa tulong nito ay napapalawak ang pag-unawa at pag-intindi ng mga aralin sa klase na nagreresulta sa pagdagdag ng kaalaman. Ito ay isa sa mga kasanayang pangwika na tulay ng mga mag-aaral upang mapahusay at malinang ang kasanayan sa mabisang pag-unawa sa teksto (Sanggawa, et al., 2024).

Sa resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Baler (2018), ang isang estudyanteng mahilig magbasa ay may mas malaking posibilidad na masagutan at maipasa ang mga pagsusulit na ibinibigay ng guro kumpara sa isang hindi palabasa, sapagkat sa kanyang pagbabasa mas nadadagdagan ang kanyang kaalaman, lumalawak ang kanyang karunungan at mga karanasan.

Sa katunayan, batay sa pamantayang nakapaloob sa K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum (2016), isinasaad na pagkatapos ng Ikapitong Baitang, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang rehiyunal upang maipagmalaki ang sariling kultura, gayundin ang iba't ibang kulturang panrehiyon.

Ayon sa DepEd Memorandum Blg. 173, s. 2019, ipinakita ng mga naunang pambansang pagtatasa na kinakailangan pang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa literasiya. Dahil dito, inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs) na humihikayat na palakasin ang adbokasiya sa pagbasa upang matiyak na ang bawat bata ay bumabasa ayon sa kaniyang antas at magbigay ng kakayahan sa mga guro upang maging epektibong mga tagapagturo ng pagbasa.

Ang programa sa pagpapabasa ay magkakaroon ng mga sumusunod na target output: pagsulong, pagpapanatili ng kultura ng pagbasa, pagpapahusay sa kakayahan ng bawat guro sa pagtuturo ng pagbasa at pagpapatupad ng interbensyon. Dagdag pa, ito ay nakapokus patungo sa pagkamit ng paghahasa ng kakayahan sa pagbabasa kung saan bawat mag-aaral ay makabasa at makaunawa nang nakapag-iisa sa kanilang antas o baitang na nagreresulta sa pagdagdag ng mga kinalabasan ng pag-aaral (Aclinen & Olesio, 2023).

Ang *Philippine Informal Reading Inventory (PHIL-IRI)* ng Kagawaran ng Edukasyon ay nakaangkla sa programang "Bawat Bata Bumabasa" na naglalayong bigyan ang mga mag-aaral ng kasanayan sa pagbasa upang maging mahusay at malaya silang mga mambabasa ayon sa kanilang baitang. Ito ay kasangkapan sa pagtatasa na naglalayong sukatin at ilarawan ang antas ng kakayahan ng mag-aaral sa pagbabasa (DO 14, s. 2018). Kaya't nagiging gabay ito sa pagbibigay ng angkop na interbensyon o suporta para mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagbasa.

Ang lahat ng mag-aaral ay dumaan sa *Group Screening Test (GST)* at ang mga mag-aaral na hindi umabot sa inaasahang antas ng pagganap (28-40) ay dapat sumailalim sa karagdagang pagsusuri dependi sa *raw score* na kanyang nakuha. Kung ang bata ay nakakuha ng markang zero hanggang labinlima (0-15) ay bibigyan siya ng babasahing tatlong (3) antas ng grado na mas mababa kaysa sa kanyang kasalukuyang antas. Habang ang nakakuha ng markang labing-anim hanggang dalawampu't pito (16-27) ay bibigyan ng babasahing dalawang (2) antas ng grado na mas mababa sa kanyang kasalukuyang antas.

Ang antas ng pagbasa ay tumutukoy sa antas ng mambabasa na may pag-unawa sa kanyang binabasa ayon sa panggradong lebel ng teksto na kung saan maaaring mapabilang ang mag-aaral batay sa tatlong antas: *independent, instructional, frustration*. *Independent*– Ang mag-aaral ay may sapat na kasanayan upang magbasa nang mag-isa at maunawaan ang teksto nang walang tulong. *Instructional*– Ang mag-aaral ay nangangailangan ng ilang gabay o tulong mula sa guro upang makuha ang buong kahulugan ng isang teksto. *Frustration*– Ang mag-aaral ay nahahirapan sa pagbasa at hindi nakakamtan ang kasanayan na kailangan para maunawaan ang teksto kahit na may tulong mula sa guro.

Sa pag-aaral ni Tuñacao (2024), natuklasan na may positibong ugnayan ang komprehensyon at akademikong performans, kung saan ang mataas na antas ng komprehensyon ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng performans. Ipinakita sa resulta ng pag-aaral nina Sanggawa et al. (2024) na karamihan sa mga mag-aaral na may mataas na antas ng pag-unawa ay nagpapakita ng kakayahang makasagot nang tama sa mga tanong batay sa binasang teksto. Ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mahusay na kakayahang maunawaan ang binabasa kahit na walang lubos na gabay mula sa mga guro at magulang.

Kaya naman, ang nakakagambala na bilang ng mababang marka sa komprehensyon ay maaaring magdulot ng pag-aalala hinggil sa pangkalahatang kakayahan sa pag-unawa ng binasa. Ito ay maaaring magtakda ng pangangailangan para sa karagdagang suporta o pagtutok sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pag-unawa ng binasa (Aclinen & Olesio, 2023).

Si Ade (2012) ay nagsagawa ng pananaliksik upang matukoy ang kakayahan ng mga mag-aaral at ang mga uri ng kahirapan na kanilang nararanasan sa pag-unawa ng *recount text*. Ipinakita ng resulta na ang karaniwang problema na nararanasan ng mga mag-aaral ay ang patuloy na kahirapan sa pagsusuri ng nilalaman ng teksto, ang hindi nila paglalaan ng oras para mag-aral, at ang kanilang hirap sa pag-unawa ng kahulugan ng mga pangungusap. Dagdag pa rito, isinagawa rin ni Shebu (2015) ang kaugnay na pananaliksik at natuklasan niya ang mga pangunahing problema sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binabasa: bokabularyo, *working memory*, kakulangan sa masinsinang pagbabasa, at uri ng teksto.

Sa pag-aaral naman nina Delos Santos, et al. (2024), natuklasan na ang pinakamabigat na dahilan ng mababang komprehensyon ay ang mababang bokabularyo ng mag-aaral kung kaya't may mga salita na hindi maunawaang lubusan ng mambabasa kung kaya'y makaaapekto rin ito sa pag-unawa sa buong tekstong binasa. Binanggit rin nila si Hart (2007) na nagpapaliwanag na ang mga mag-aaral ay dapat na maunawaan ang isang pamilyar na salita at ang kaugnayan nito sa iba pang mga salita sa loob ng isang teksto, ang pag-master ng bokabularyo ay kinabibilangan ng pagkilala sa bahagi ng pananalita ng isang salita, kahulugan, kapaki-pakinabang na mga pahiwatig sa konteksto, at kung paano ito gumagana sa isang pangungusap at ang mga diskarte sa bokabularyo na iyon ay makatutulong na mapabuti ang pag-unawa.

Ang mga nararanasan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, tulad ng kakulangan sa katatasan sa bokabularyo, kahirapan sa pag-unawa ng mga teksto, at ang epekto ng kakulangan sa estratehiya ng guro, ay may epekto sa kanilang motibasyon at pagkatuto. Ang mga resulta na ito ay nagpapahiwatig ng matibay na ugnayan sa pagitan ng lawak ng nararanasang problema ng mga estudyante at ang kanilang akademikong performans. Ipinapakita nito na habang tumataas ang mga problema ng mga estudyante, bumababa naman ang kanilang akademikong pagganap sa asignaturang Filipino. Ibig sabihin naaapektuhan ang akademikong pagganap ng mga estudyante dahil sila ay may mababa na pag-unawa sa salita, komprehensiyon at kasanayan sa inferensiya (Catacutan, et al., 2024).

Bilang karagdagan, sa pag-aaral nina Makig-angay, et al. (2024) lumabas na ang interes sa pagbasa ay makabuluhang salik na nakaapekto sa pag-unawa ng binabasa. Pinapatunayan nito na kapag ang mag-aaral ay mayroong interes sa kanilang binabasa ay tataas rin ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa konteksto ng binabasa. Ang mga mag-aaral na walang kawilihan sa pagbabasa ay matatagalan sa pagbuo ng hinuha sapagkat mayroon lamang silang bahagyang kaalaman, kaya nangangailangan ng mahabang oras sa pagbabasa. Samantala ang mga mag-aaral na kakikitaan ng kawilihan sa pagbabasa ay makabubuo ng mga pangungusap na bubuo rin ng mga paghinuha na madaling maunawaan sapagkat mayroon silang nakaimbak na kaalaman at nangangailangan lamang ng maikling oras.

Ika nga, ang kawalan ng interes ng isang mag-aaral ay isang malaking kahinaan rin sa pagpapatupad ng programa sa pagbasa. Ang pagkakaroon ng interes sa pagbasa ay magiging tulay at gabay upang matupad ang mga mithiin. Ang pagkakaroon ng interes sa pagbasa ay nakatutulong upang mas mahasa ang kasanayan sa pagbasa nang may pang-unawa (Aclinen & Olesio, 2023). Ang mga mag-aaral na may malakas na *intrinsic* na motibasyon, tulad ng interes at kakayahan ay magkakaroon ng mataas na tagumpay sa akademikong pagganap (Catacutan, et al., 2024).

Ayon kay Blanca (2021), upang mapaunlad ang kaalaman at pag-unawa sa bokabularyong Filipino na kalakip ng lubusang pag-unawa sa binasa o napakinggang teksto o akda, mainam na magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga guro at wastong paggamit ng teknolohiya bilang integrasyon sa paglinang ng mga kasanayang pampagkatuto sa pag-unawa sa Filipino. Hindi maari na pilitin ang kabataan na mamuhay kasama ang wikang hindi nagbibigay ng lubos na kawilihan sa pakikipag-ugnayan sa kaparehong kabataan upang mapabilang lamang sa ninananis na grupo.

Dagdag pa, bunga ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo tulad ng estratehiyang "dugtungan" kung saan ang lahat ng mga mag-aaral ay mabibigyan ng pagkakataon na dugtungan ang binabasa at maihahanda ang kanilang sarili sa gawain, ang ganitong uri ng estratehiya sa pagbabasa ay mayroong naidudulot na positibo sa mga mag-aaral sapagkat nalilintang ang kasanayan ng mga mag-aaral na mag-isip at umunawa (Makig-angay, et al., 2024).

Gayunpaman, natuklasan din ang mahalagang papel ng aktibong suporta mula sa mga guro at mga magulang, na may positibong epekto sa pag-unawa at pagganap ng mga estudyante. Ang mataas na marka sa mga aspekto ng paghikayat at pag-unawa mula sa mga tagagabay ay nagpatunay na ang kanilang aktibong pakikilahok ay maaaring maging isang mabisang solusyon sa mga hamong kinahaharap ng mga estudyante (Catacutan, et al., 2024).

Ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbabasa ay nangangailangan ng dekalidad na pagtuturo o instruksiyon upang tumaas ang antas ng kanilang pagkatuto (Jones et al., 2016). Sa pag-aaral ni Liebfreund at Amendum (2017), ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbabasa ay kailangan ng tiyak na interbensyon at pagtuturo na magbibigay sa kanila ng agarang puna at gabay. Ang pagkakaroon ng *one-on-one reading strategy* ay nakitaan ng pag-unlad sa kakayahang bumasa ng mga mag-aaral na kung saan natututukan ang bawat isa sa pagbabasa.

Ayon kay Alenizi (2019), napakainam ang mga interbensyon sa pagbabasa upang madebelop ang komprehensyon ng mga mag-aaral at upang masanay sila ng mga guro sa mga kritikal na pag-iisip. Ipinapakita na ang isang interbensyon sa pagbasa ay isang makabuluhang paraan upang mapabuti ang katatasan at kawastuhan ng kasanayan ng bata (Decristan, et al., (2023).

Dagdag pa, ang pagkakaroon ng mga paraan o programa sa pagbasa ay magsisilbing gabay sa mga gurong mambabasa upang mas maipatupad nang wasto at tama ang pagpapabasa sa mga mag-aaral (Aclinen & Olesio, 2023). Sa katunayan, sa pag-aaral nina Ori et al. (2023) na kung saan sila ay nagdebelop ng *Reading Program*, isang adbokasiya para sa mga mag-aaral, nahinuha nila na nakatulong ang binuong programa sa pagbasa

sa mga kalahok sa pagresolba ng kanilang mga suliranin sa pag-unawa. Ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa ay umangat mula sa pinakamababang antas na *Frustration* patungo sa *Instructional* pagkatapos ng isinagawang interbensyon.

Sa pag-aaral nina Young, et al. (2020), binanggit nila ang *Read Two Impress (R2I)* bilang isang halimbawa ng interbensyon. Ito ay isang kombinasyon ng paulit-ulit na pagbasa at ng *neurological impress* na paraan, dalawang epektibong paraan sa interbensyon sa pagbasa. Ito ay nagpakita ng malaking epekto sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pagbigkas, pag-unawa sa binasa, at sa kanilang antas ng malayang pagbasa. Sa ganitong paraan, napapaunlad ang pagbasa at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral lalo na sa mga mas mataas na antas ng teksto.

IV. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibo at kwantitatibong pananaliksik. Ginamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik upang masuri ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensiyon ng mga mag-aaral. Ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik ay may kaugnayan sa pangangalap ng impormasyon tungkol sa mga salik na kaugnay sa paksa ng pag-aaral (Bernales, 2010). Ayon kay Ariola (2006), ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik ay naglalarawan sa mga kasalukuyang pangyayari at ang suliranin ng pag-aaral ay nakakonekta sa naturang pangyayari.

Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng talatanungan. Ang unang bahagi ay mula sa talatanungang ginamit nina Catacutan, et al. (2024) sa kanilang pananaliksik na pinamagatang "Problema ng mga Estudyante sa Komprehensiyon at kanilang Motibasyon sa Pag-aaral" at ang pangalawang bahagi naman ang isang katanungan na malayang sasagutan ng mga kalahok. Para maging akma sa isinagawang pag-aaral, nagsagawa ng bahagyang modifikasyon ang mga mananaliksik. Sa pagpapatibay ng instrumentong ginamit, humingi ng tulong ang mananaliksik sa kanilang guro upang masigurong malinaw, maayos at balido ang bawat detalyeng nilalaman ng talatanungan.

Ang mga kalahok ay pinili gamit ang *purposive sampling* upang matiyak na sila ay may kaugnayan sa paksa ng pananaliksik. Ito ay kinabibilangan ng tatlong (37) mag-aaral sa Filipino 7 na kung saan tatlo (3) sa kanila ang nasa "*Frustration*" na kategorya, labinsiyam (19) ang nasa "*Instructional*", at labinlima (15) ang nasa "*Independent*", na nakakuha ng mga markang zero hanggang labinlima (0-15) sa naisagawang PHIL-IRI ng Sevilla National High School, na siyang lugar ng pananaliksik. Batay sa naging resulta ng *Philippine Informal Reading Inventory (PHIL-IRI)* noong Disyembre 16, 2024, nakita sa resulta na walang mag-aaral sa Filipino 7 ang nakakuha ng markang nasa 28 hanggang 40 na siyang indikasyon sa pasadong marka.

Upang mapanatili ang integridad ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay nagbigay ng liham-pahintulot sa punong-guro ng Sevilla National High School. Pagkatapos aprubahan ang liham ay nagbigay rin ng liham sa bawat mag-aaral upang hingin ang kanilang pahintulot na makiisa sa pag-aaral at pinaunawa sa kanila ang layunin ng pananaliksik. Tiniyak na ang anumang impormasyon mula sa kanila ay mananatiling kompidensyal at gagamitin lamang para sa mga layunin ng pananaliksik.

Upang bigyang kahulugan ang mga datos na nakalap mula sa talatanungan na pinasagutan sa mga kalahok, ginamit ng mananaliksik ang kombinasyon ng mga pamamaraan ng pagsusuring estadistika at pangnilalaman. Ginamit ang *General Weighted Mean (GWM)* upang matukoy ang *average* na pananaw ng mga kalahok, at *Standard Deviation (SD)* upang maipakita ang saklaw ng mga sagot at sinuri gamit ang *5-Point Likert Scale*. Samantala, ang *thematic analysis* ay ginamit upang tukuyin ang mga pattern at tema mula sa bukas na tanong. Sa pamamagitan nito, mas naipakita ang mas malalim na konteksto ng mga sagot at ang mga pananaw ng mga kalahok, na tumulong sa mas malawak na pag-unawa sa kanilang mga karanasan at opinyon. Sa kabuuan, ang mga nakalap na datos ay inilahad at tinalakay nang naaayon sa mga layunin ng pananaliksik.

V. RESULTA AT DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta, interpretasyon at diskusyon sa isinagawang pag-aaral. Ito ay nakabatay sa mga nakalap na datos tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa komprehensiyon. Inilahad din ang mga kagamitang nakatutulong para sa mas madaling pag-unawa ng mga mag-aaral.

Talahanayan 1: Mga Salik na Nakaaapekto sa Komprehensyon ng mga Mag-aaral kaugnay sa Pag-unawa sa mga Salita

Mga Salik na Nakaaapekto sa Komprehensyon ng mga Mag-aaral	Mean	SD	Interpretasyon
1. Kulang ang aking kaalaman sa bokabularyo.	4.5135	4.0336	Lubhang Nakaaapekto
2. Nahihirapan akong gumamit ng mga paraan sa pag-unawa ng mga salita na ginagamit sa teksto kagaya ng paggamit ng diksyunaryo o 'di kaya'y pag-google nito sa internet o 'di kaya'y pagpunta sa silid-aklatan.	4.5405	4.0470	Lubhang Nakaaapekto
3. Nahihirapan ako sa pag-unawa sa mga salitang ginagamit sa teksto.	4.1622	3.7054	Nakaaapekto
4. Hindi ko nahihimok ang aking sarili na alamin ang mga mahihirap na salita na aking nababasa sa teksto.	4.1892	3.7199	Nakaaapekto
5. Kulang ako sa estratehiya dahil hindi ko sinusubukang unawain ang mga salitang ginagamit sa teksto sa pamamagitan ng <i>context clues</i> , denotasyon o konotasyon.	4.4054	3.9387	Lubhang Nakaaapekto
6. Hindi ko nabibigyang interpretasyon ang mga bahagi ng nilalaman para mapadali ang pag-unawa sa mga salita.	4.4324	3.9524	Lubhang Nakaaapekto
KABUANG MEAN	4.3739	3.8995	Lubhang Nakaaapekto
<i>4.21-5.00 Lubhang Nakaaapekto</i>	<i>2.61-3.40 Hindi Gaano</i>	<i>1.00-1.80 Lubhang Hindi Salik</i>	
<i>3.41-4.20 Nakaaapekto</i>	<i>1.81-2.60 Hindi Salik</i>		

Malinaw na ipinapakita sa Talahanayan 1 na ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral kaugnay sa pag-unawa sa mga salita ay masasabing may mataas na antas ng epekto batay sa kabuuang *mean* na itinuturing na "Lubhang Nakaaapekto." ito ay nangangahulugang ang karamihan sa mga mag-aaral ay nakararanas ng seryosong hamon sa kakayahan nilang unawain ang mga salita sa teksto.

Sa partikular, nangunguna rito ang suliranin ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga paraan tulad ng diksyunaryo, internet, o silid-aklatan para maunawaan ang mga salita sa teksto, kakulangan sa bokabularyo, at kawalan ng kakayahang magbigay-interpretasyon sa mga bahagi ng nilalaman na kapwa itinuturing na "Lubhang Nakaaapekto". Patunay na hindi lamang ang kakulangan ng kaalaman ang problema, kundi pati na rin ang kawalan ng estratehiya o ugali sa pagkuha ng impormasyon. Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa ng mga salita kapag wala silang sapat na bokabularyo, at hindi rin nila natutulungan ang kanilang sarili sa paggamit ng kasangkapan tulad ng diksyunaryo o *pag-search online*. Hindi nila kayang magbigay ng tamang interpretasyon sa nilalaman ng teksto, kaya't nahihirapan silang magbuo ng kabuuang unawa.

Ang kakulangan ng estratehiya sa pag-unawa ng mga salita, tulad ng paggamit ng *context clues*, denotasyon, at konotasyon, ay nagpapakita rin ng mahalagang salik na nakaaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Hindi nila magamit nang buo ang mga estratehiyang ito upang matulungan silang unawain ang mga teksto, kaya't nahihirapan silang magbigay ng tamang interpretasyon sa mga bahagi ng teksto.

Ang mga salik tulad ng nahihirapan sa pag-unawa sa mga salitang ginagamit sa teksto at kawalan ng motibasyon na alamin ang mahihirap na salita ay nagpapakita na may mga pagkakataon na ang mga mag-aaral ay hindi aktibong naghahanap ng mga solusyon para mapadali ang kanilang pag-unawa sa mga teksto. Bagamat ito ay may epekto, hindi ito kasing tindi ng iba pang mga salik na nakaaapekto sa kanilang komprehensyon, subalit ito pa rin ay nagpapakita ng makabuluhang epekto sa kabuuang pagkatuto.

Ang mga datos na ito ay naglalandad ng malalim na implikasyon para sa edukasyon. Ang kakulangan sa bokabularyo, estratehiya, at motibasyon ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas masinsinang pagtuturo at pagsasanay. Ang mga guro ay hinihikayat na magturo ng epektibong pamamaraan tulad ng paggamit ng *context clues*, konotasyon, at denotasyon, pati na rin ang pagpapakilala ng mga modernong kagamitan sa pag-unawa tulad ng *online resources*. Bukod dito, mahalaga rin na bigyang-diin ang pagpapaunlad ng bokabularyo upang matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng mas malawak na kakayahan sa pag-unawa sa teksto.

Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng higit na suporta sa pagpapalawak ng kanilang bokabularyo at pagpapabuti ng kanilang mga estratehiya sa pag-unawa ng mga salita upang mapabuti ang kanilang kabuuang komprehensyon sa Filipino. Ayon kay Satriani (2018), dahil sa mahinang bokabularyo at gramatika, nahihirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga teksto. Sa ganitong kaso, kailangang makakuha ang mga mag-aaral ng sapat na bokabularyo at matutong gamitin ito nang wasto sa tamang konteksto upang malampasan ang hamong ito. Bukod pa rito, binigyang-diin nina Duke at Pearson (2002) na ang epektibong pagsasanay sa

pagbibigay-kahulugan sa teksto ay nagdadala ng mas mataas na antas ng pag-unawa. Ang mga pananaw na ito ay nagbibigay-diin sa pangangailangang maglaan ng sapat na pansin sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa upang matugunan ang mga hamon sa komprehensyon.

Talahanayan 2: Mga Salik na Nakaaapekto sa Komprehensyon ng mga Mag-aaral kaugnay sa Komprehensyon sa Teksto

Mga Salik na Nakaaapekto sa Komprehensyon ng mga Mag-aaral	Mean	SD	Interpretasyon
1. Hindi ako sanay sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng teksto kaya nahihirapan ako sa pag-unawa sa nilalaman nito.	4.2973	3.8415	Lubhang Nakaaapekto
2. Malalalim ang mga salitang ginagamit sa teksto kaya nakalilito.	4.4054	3.9250	Lubhang Nakaaapekto
3. Nahihirapan akong unawain ang teksto dahil hindi ako gaanong marunong magbasa at naguguluhan ako sa pagkilala ng mga konteksto.	4.1351	3.6907	Nakaaapekto
4. Nakababagot at kadalasang hindi nakakukuha ng interes ang mga teksto sa asignaturang Filipino dahil naihahayag agad ang magiging kahihinatnan ng teksto.	4.5676	4.0935	Lubhang Nakaaapekto
5. Kulang ang paraan na natutunan ko sa pagkilala ng mga pangunahing ideya na makatutulong sa unti-unting pag-unawa sa aking binabasang teksto.	4.3784	3.9043	Lubhang Nakaaapekto
6. Hindi ako gumagamit ng comprehension strategy kagaya ng pag-alam sa bokabularyo, paghihinuha, pagtatanong at pagsusuri.	4.3243	3.8555	Lubhang Nakaaapekto
KABUUNANG MEAN	4.3514	3.8851	Lubhang Nakaaapekto
4.21-5:00 Lubhang Nakaaapekto 3.41-4.20 Nakaaapekto	2.61-3.40 Hindi Gaano 1.81-2.60 Hindi Salik	1.00-1.80 Lubhang Hindi Salik	

Ang Talahanayan 2 naman ay nagpapakita na sa kabuuan, ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral kaugnay sa teksto ay "Lubhang Nakaaapekto." Ang resulta ay nagpapahiwatig ng pangkalahatang hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa sa mga teksto sa Filipino.

Makikita na ang kawalan ng interes at pagkabagot ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga teksto, dulot ng maagang paghahayag ng kahihinatnan ng nilalaman, ay isang mahalagang hamon na kailangang tugunan. Kung ang isang teksto ay hindi nakakakuha ng interes ng mag-aaral, maaaring mawalan siya ng motibasyon na magpatuloy sa pagbasa, kaya't bumababa ang kanyang kakayahang maunawaan ang nilalaman nito.

Dagdag pa, ang mataas na *mean* para sa malalalim na salitang ginamit sa teksto ay nagmumungkahi na maaaring kailanganin ng guro na maglaan ng oras upang ipaliwanag o ituro ang mga salitang ito sa mas madaling paraan, tulad ng pagbibigay ng kaukulang halimbawa o paggamit ng *visual aids*. Kapag ang mga salitang ginagamit sa teksto ay mahirap o malalim, nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang buong nilalaman, kaya't tumataas ang antas ng kalituhan. Kasama rin dito ang kakulangan sa kasanayan sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng teksto, na nagpapakita ng pangangailangan ng mga mag-aaral na maging mas bihasa sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng teksto upang mapadali ang kanilang pag-unawa.

Isa pang mahalagang salik ay ang kakulangan sa mga estratehiya para sa pagkilala ng mga pangunahing ideya. Kung hindi natutunan ng mga mag-aaral ang mga estratehiya para mahanap ang mga pangunahing ideya sa teksto, naging mahirap para sa kanila na makuha ang kabuuang mensahe ng teksto. Gayundin, ang hindi paggamit ng *comprehension strategies* tulad ng paghihinuha, pagtatanong, at pagsusuri ay nagpapakita ng kakulangan sa kasanayan sa mga aktibong estratehiya na makatutulong sa mas malalim na pag-unawa ng teksto. Ang mga mag-aaral ay maaaring mawalan ng gana o hindi magpatuloy sa pagbabasa ng isang teksto kung hindi nila alam kung paano gamitin ang mga estratehiyang ito.

Bagama't ang salik sa kahirapan sa pagbabasa ay "Nakaaapekto" lamang, ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Mahalagang tiyakin na ang mga mag-aaral ay mabigyan ng pagkakataong magbasa ng iba't ibang uri ng teksto upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagbabasa at pag-unawa.

Sa kabuuan, ang mga salik na ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mga karagdagang suporta upang mapaunlad ang kanilang mga kasanayan sa pagbabasa at pag-unawa ng teksto, lalo na sa pagpapalawak ng kanilang estratehiya at kasanayan sa paggamit ng mga kagamitan upang mapadali ang pag-unawa sa mga malalim na teksto. Ang mga guro ay dapat magpatupad ng mga interbensyon upang mapabuti

ang komprehensyon ng mga mag-aaral. Kinakailangang gamitin ang makabagong pamamaraan ng pagtuturo, tulad ng pagpapakilala ng mga kawili-wiling materyales, pagpapalawak ng bokabularyo, at pagsasanay sa mga *comprehension strategies* gaya ng pag-alam sa konteksto, paghihinuha, pagtatanong, at pagsusuri.

Pinagtibay ito ng pag-aaral nina Duke at Pearson (2002) na nagpakita ng mahalagang papel ng *comprehension strategies* sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto. Ang kanilang pananaliksik ay nagsusulong ng paggamit ng interaktibong pamamaraan upang matulungan ang mga mag-aaral na matutong mag-analisa at maghinuha mula sa kanilang binabasa. Ibig sabihin, ang mahusay na pagtuturo ng pag-unawa ay kinabibilangan ng parehong malinaw na pagtuturo ng mga tiyak na estratehiya sa pag-unawa at maraming oras at pagkakataon para sa aktwal na pagbasa, pagsulat, at talakayan ng teksto. Halimbawa na rito ang pagbasa ng iba't ibang uri ng teksto at pagpapalawak ng kaalaman sa bokabularyo sa mas epektibong pag-unawa. Ang pagtuturo ng mga koleksyon ng mga estratehiya sa pag-unawa ay makakatulong sa mga mag-aaral na maging tunay na mahuhusay na tagapag-unawa ng maraming uri ng teksto.

Dagdag pa, binanggit nina Guthrie, et.al. (2004) na sa pananaw ni Schiefele, kapag interesado ang mga estudyante sa kanilang binabasa, mas malalim nilang pinoproseso ang materyal, nakakakuha ng mas mayamang pang-unawa sa mga konsepto, at mas ganap na nakikilahok sa teksto. Dagdag pa nila Guthrie, et.al., ang mga kasanayan sa pagganyak ay malamang na magkaroon ng positibong epekto sa pagkuha ng kaalamang konseptwal at estratehikong pag-unlad ng mga estudyante. Kapag mas motibado ang mga estudyante na magbasa, mas mabuti nilang binibigyang-pansin ang pagtuturo ng mga estratehiya at mas ganap nilang natututuhan ang mga ito, kaya't mas naiintindihan nila nang mas mabuti.

2. Ano anong mga kagamitan ang makatutulong para sa madaling pag-unawa sa binabasa batay sa personal na tugon ng mga mag-aaral?

Batay sa mga sagot ng mga kalahok, lumitaw ang sumusunod na tema:

2.1. Tradisyonal na Kagamitan sa Pag-aaral

Ang “libro” ang nangungunang kagamitan na makatutulong sa pag-unawa ng mga binasa na may kabuuang bilang na tatumpu't pitong (37) sagot. Sinundan ito ng “dictionary” (12) at “notebook/notes” (11), na parehong nagsisilbing mahalagang sanggunian sa pagbibigay-linaw sa mga salita at nilalaman ng teksto. Ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay higit na nagtitiwala sa tradisyonal na mga kagamitan tulad ng libro at diksyunaryo bilang pangunahing kasangkapan sa pag-unawa ng mga binasa. Patunay ito na kahit sa makabagong panahon, mahalaga pa rin ang pagkakaroon ng mga nakalimbag na mga kagamitan sa epektibong pag-aaral.

2.2. Modernong Teknolohiya bilang Kagamitan

Ang “cellphone” (11), “video/YouTube/educational videos” (5), “Cici” (4), “Meta AI” (3), at “Google” (1), ay nagpapakita ng malaking papel ng teknolohiya sa edukasyon. Ang *cellphone*, *educational videos*, at mga modernong *software o tools* gaya ng *Meta AI* ay nagpapadali ng akses sa impormasyon, lalo na sa mga estudyanteng mas sanay sa paggamit ng *digital platforms*. Maaari itong maging oportunidad para sa mga guro na gamitin ang teknolohiya sa pagtuturo upang mas lalo itong maging epektibo at makatawag-pansin.

2.3. Biswal na Kagamitan

Ang “larawan” (3) at “TV” (2) ay nagbibigay-diin sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa *visual aids* para sa mas malinaw na representasyon ng mga ideya at para mas lalong maunawaan ang mga konsepto o aralin. Ang ganitong kagamitan ay maaaring makatulong lalo na sa mga mag-aaral na madaling natututo gamit ang mga biswal na kagamitan.

2.4. Alternatibong Sanggunian

Ang “newspaper/magazine” (9), “teksto sa Filipino” (2), at “komiks” (1) ay nagpapakita ng interes sa paggamit ng iba't ibang uri ng babasahin bilang pandagdag sa kaalaman. Sa kabila ng iba't ibang opsyon na magagamit, ang paggamit ng alternatibong sanggunian gaya ng komiks, pahayagan, at magasin ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaroon ng iba't ibang uri ng babasahin na maaaring mahimok ang interes ng mga mag-aaral. Ang mga tekstong nakasulat sa Filipino ay mahalaga rin upang mapanatili ang pagpapahalaga sa sariling wika at dagdag iksposur dito bilang pambansang wika at wikang panturo.

Sa kabuuan, makikita na ang paggamit ng iba't ibang kagamitan ay may malaking papel sa pagpapabuti ng komprehensyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, may mga kagamitan na mas pinipili nila batay sa kanilang personal na karanasan at angkop na konteksto ng kanilang pagkatuto. Ito ay magbibigay ng mga mahalagang pananaw sa mga guro at mga mag-aaral sa kung paano nila mapapalakas ang kanilang mga kakayahan sa pag-unawa gamit ang mga angkop na kasangkapan sa kanilang araw-araw na pagkatuto.

Ayon nga sa pag-aaral ni Blanca (2021), upang mapaunlad ang kalaman at pag-unawa sa bokabularyong Filipino na kalakip ng lubusang pag-unawa sa binasa o napakinggang teksto o akda, mainam na magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga guro at wastong paraan ng paggamit ng teknolohiya bilang integrasyon sa paglinang ng mga kasanayang pampagkatuto sa pag-unawa sa Filipino. Bilang karagdagan, sa pananaw ng Mustaqim Philippines (n.d.), ang regular na pagbabasa ng aklat ay isang mabisang paraan upang mapabuti ang ating kasanayan sa wika, partikular na sa pag-unawa ng mga salita, pangungusap, at gramatika. Mas pinapalawak nito

ang ating bokabularyo at napapalakas ang ating kasanayan sa pagsusulat at pagsasalita. Gayundin, ang pagbabasa ay nakatutulong upang mapabuti ang ating kasanayan sa lohikal na pag-iisip at kritikal na pagsusuri.

VI. KONKLUSYON

Batay sa pagsusuri, ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino 7, makikita na ang mga hamon sa pag-unawa sa mga salita at teksto ay may malalim na ugat sa kakulangan ng bokabularyo, estratehiya sa pag-unawa, at motibasyon ng mga mag-aaral. Kaya't mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagsasanay sa paggamit ng context clues, denotasyon, konotasyon, at paghihinuha upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga babasahin.

Sa mga kagamitan, ang balanseng paggamit ng tradisyonal na sanggunian tulad ng libro at diksyunaryo at ng modernong teknolohiya gaya ng cellphone, educational videos, at iba pang digital na kagamitan ay mahalaga upang gawing mas nakakaakit, kolaboratibo at epektibo ang proseso ng pagkatuto na makatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa. Ang biswal na kagamitan, tulad ng mga larawan at TV, ay nakakatulong sa pagpapadali ng pag-unawa, habang ang alternatibong sanggunian tulad ng komiks, pahayagan, at magasin ay nagbibigay ng iba't ibang pananaw, kasiyahan na maaaring magtulak sa mas malalim na interes ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa.

Sa kabuuan, ang pagpapabuti ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino ay nakasalalay sa pagpapalawak ng bokabularyo, paggamit ng epektibong estratehiya sa pag-unawa, at integrasyon ng tradisyonal at makabagong kagamitan sa pagkatuto.

VII. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at mga nabanggit sa konklusyon, nabuo ng mananaliksik ang sumusunod na mga rekomendasyon.

1. Para sa mga mag-aaral, mahalagang maglaan ng oras araw-araw upang palawakin ang bokabularyo sa Filipino. Maaaring gumamit ng diksyunaryo, online tools, at pagbabasa ng komiks, pahayagan, at magasin upang matutunan ang kahulugan at gamit ng mga bagong salita. Gamitin ang mga estratehiya tulad ng context clues, at unawain ang denotasyon at konotasyon upang mas maintindihan ang mensahe ng teksto. Makakatulong din ang paghinuha upang maunawaan ang mga di-tahasang pahiwatig. Gamitin ang teknolohiya para sa karagdagang impormasyon at huwag kalimutan ang kahalagahan ng pagtatanong kung may hindi nauunawaan upang malinawan sa mga bahagi na hindi ganap na naipaliwanag.
2. Para sa mga guro, mahalagang magbigay ng mga gawaing nagpapalawak ng bokabularyo, gaya ng vocabulary exercises at paggamit ng bagong salita sa konteksto. Ituro ang paggamit ng context clues, denotasyon, at konotasyon upang mapabuti ang pag-unawa sa binabasa. Gamitin ang teknolohiya tulad ng educational videos at digital presentations, pati na rin ang visual aids gaya ng larawan at charts upang gawing mas kawili-wili ang leksyon. Hikayatin ang mga mag-aaral sa collaborative at independiyenteng gawain tulad ng book reports at reflection papers para sa mas malalim na komprehensyon.
3. Sa mga mananaliksik na magsagawa ng kaugnay na pag-aaral tungkol sa mga adbokasiya sa literasiya o mga programa para sa pagpapaunlad ng antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral gaya ng “Buklat-Aklat” upang masuri ang epekto nito sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral bilang hakbang sa paglinang ng mas malawak na kaalaman at pagkatuto.

SANGGUNIAN

- [1] Manlapaz, R. (2022). “Contextualized Based-Learning Materials: An Evaluation to Enhance the Reading Comprehension of the Grade 7 Students during the COVID-19 Pandemic.”, *Psych Educ*, 6: 1269-1276,444558, ISSN 2822-4353, 2022.\
- [2] Zimmerman, S. and Hutchins, C. (2003). Seven keys to comprehension: How to help your kids read it and get it! New York: Three Rivers Press. <https://www.oxfordowl.co.uk/welcome-back/for-school-back/pathways-page/pathwayslist/teaching-comprehension/background-questions-tc/questions-about-comprehension/what-is-reading-comprehension-and-why-is-it-important>
- [3] Teele, S. (2004). Overcoming barricades to reading: A multiple intelligences approach. Corwin Press.28ISSN 3028-126110.5281/zenodo.11487491/NIJSE.2024
- [4] Senate of the Philippines. (2023). MATATAG Curriculum of the Department of Education (DepEd). <https://legacy.senate.gov.ph/publications/LRS/Quick%20Notes/Ctte%20on%20Basic%20Ed-MATATAG%20curriculum%20%282%29.pdf>
- [5] Department of Education. (2019). Memorandum 173, s. 2019. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/11/DM_s2019_173-1.pdf
- [6] World Bank (2022). Philippines Learning Poverty Brief. <https://documents1.worldbank.org/curated/en/099000207152223103/pdf/IDU002b5536c0db4104ec3087d809906ec2eae56.pdf>

- [7] OECD (2023). PISA 2022 Results (Volume I and II) - Country Notes: Philippines. https://www.oecd.org/en/publications/pisa-2022-results-volume-i-and-ii-country-notes_ed6fbcc5-en/philippines_a0882a2d-en.html
- [8] Damilola. (2023). Advocacy for literacy: Amplifying the importance of reading. Virtually Every Language. <https://medium.com/listening-in-tongues/advocacy-for-literacy-amplifying-the-importance-of-reading-422ad14b3e70>
- [9] LaRue, L. & Ranzau, S. (2022). Literacy advocacy is about more than just literacy. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1367388.pdf>
- [10] Abeberese, A. B., Kumler, T. J., & Linden, L. L. (2014). Improving reading skills by encouraging children to read in school: A randomized evaluation of the sa Aklat Sisikat Reading Program in the Philippines. *Journal of Human Resources*, 49(3), 611-633. <https://doi.org/10.3368/jhr.49.3.611>
- [11] Frankel, K. K., Becker, B. L. C., Rowe, M. W., & Pearson, D. P. (2016). What is reading? to What is literacy? *Journal of Education*, 196(3), 7-17. DOI: 10.1177/002205741619600303
- [12] Gilbas, S. (2022). Reading Enhancement Advocacy in DepEd (R.E.A.D): Teachers' life-changing task. *International Journal of Academic Pedagogical Research*. <https://doi.org/10.13140/RG.2.2.20632.47363>
- [13] Biddle B.J., Good T.L., & Goodson, I. (2013). International handbook of teachers and teaching. https://scholar.google.com/scholarhl=en&as_sdt=0,5&qsp=2&q=life+and+work+of
- [14] Guthrie, J. et.al. (2004). Increasing reading comprehension and engagement through concept-oriented reading instruction. *Journal of Educational Psychology*, 96(3), 403-423. DOI:10.1037/0022-0663.96.3.403
- [15] Chudinova, V.P., Golubeva, E.I., Mikhailova, A.I., Kabachek, O.L., Kosenko, L.N., & Smetannikova, N.N. (2004). Children and libraries in a changing media environment. Moscow, Russia: School Library.
- [16] Gough, P.B., & Tunmer, W.E. (1986). Decoding, reading, and reading disability. *Remedial and Special Education*, 7(1), 6-10.
- [17] Adlof, S.M., Catts, H.W., & Little, T.D. (2006). Should the simple view of reading include a fluency component? *Reading and Writing*, 19(9), 933-58.
- [18] Kirby, J.R., & Savage, R.S. (2008). Can the simple view deal with the complexities of reading? *Literacy*, 42(2), 75-82.
- [19] Stuart, M., Stainthorp, R., & Snowling, M. (2008). Literacy as a complex activity: Deconstructing the Simple View of Reading. ResearchGate. DOI:10.1111/j.1741-4369.2008.00490.x
- [20] Farrell, L., et al. (n.d.). The simple view of reading. Reading Rockets. <https://www.readingrockets.org/article/simple-view-reading>
- [21] Chua, P. M. (2011). Ang pagbasa. https://www.slideshare.net/PaulMitchellChua/ang-pagbasa?fbclid=IwAR2y0cF0CxGUiJgIZg8O67-R2phiFgIBY5iB-5ftW5q_S27tEuamRJBETp4
- [22] Blanca, G. (2021). Epekto ng teknolohiya sa pagkaunawa sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 7- Daisy sa Mataas na Pambansang Paaralan ng Alitagtag, 2(3). <https://www.instabrightgazette.com/blog/epekto-ng-teknolohiya-sa-pagkaunawa-sa-bokabularyong-filipino-ng-mga>
- [23] Makig-angay, A., Apolinario, J., Saavedra, A. & Quirante, J. (2024). Salik sa nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa antas ng frustration. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, 8(8), pp. 27-43. <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/08/D248082743.pdf>
- [24] Satriani, E. (2018). Reading comprehension difficulties encountered by English students of Islamic University of Riau. *J-SHMIC Journal of English for Academic*, 5(2), 15. DOI:10.25299/jshmic.2018.vol5(2).1885
- [25] Condez, R., et al., (2018). Pagsubok sa Pagbasa: Mga Pagsasanay para sa Bilis sa Pagbasa, Pag-unawa at Pagpapaunlad ng Wastong Pagpapahalaga. Serye para sa Unang Taon Hanggang sa Ikaapat na Taon ng Mataas na Paaralan. Sta. Cruz, Manila: Saint Mary's Publishing Corp.
- [26] Sanggawa, J., Santiago, M., Santos, R., Sapdoy, E., & Eguia, M.L. (2024). Antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng klister 5. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 4(12). DOI: 10.47760/cognizance.2024.v04i12.027
- [27] Baler, R. J. (2018). Reading Comprehension and Reading Strategies. University of Wisconsin-Stout.
- [28] Department of Education. (2016). K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum Filipino. <https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf>
- [29] Aclinen, Z.M. & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sap ag-unaawa sa pagbsa ng mga mag-aaral sa Grade 8. *Cognizance of Multidisciplinary Studies*, 3(12), pp. 319-345. DOI: 10.47760/cognizance.2023.v03i12.024
- [30] Department of Education (2018). The Philippine Informal Reading Inventory Manual 2018. <https://ia903103.us.archive.org/18/items/PhilIRIFullPackageV1/Phil-IRI%20Full%20Package%20v1.pdf>

- [31] Tuñacao, J. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa antas ng komprehensyon at akademik performans sa mga mag-aaral ng Filipino 10 unang Distrito ng Consolacion, Lungsod ng Cebu: Kaparaaanang pampagpabuti. *University of Bohol Advancing Filipino Resrach Journal*, 1. DOI: <https://doi.org/10.15631/ubafrij.v1i1.203>
- [32] Ade (2012). A study on students' difficulties in comprehending recount text: A case study at SMAN 1 Gangga on first Grade academic year. <http://fkipunram.ac.id/ejurnal/index.php/inggris/article/view/222>
- [33] Shebu, I. (2015). Reading comprehension problems encountered by foreign language students, case study: Albania, Croatia, *Academic Journal of Interdisciplinary Studies*, 4(1). DOI:10.5901/mjss.2015.v4n1s1p91
- [34] Delos Santos, L., Garinalao, A.D.N., Mariano, J., Najam, H. & Ladao, C. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa junior high school. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)*, 8(3). https://www.researchgate.net/publication/379833102_MGA_SALIK_NA_NAKAAPEKTO_SA_ANTAS_NG_PAG-UNAWA_SA_PAGBASA_NG_MGA_MAG-AARAL_SA_JUNIOR_HIGH_SCHOOL
- [35] Catacutan, F., Calisang, C. & Fabila, S.D. (2024). Problema ng mga estudyante sa komprehensiyon at kanilang motibasyon sa pag-aaral. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(12). <https://doi.org/10.5281/zenodo.14566434>
- [36] Jones, J. S., Conradi, K., & Amendum, S. J. (2016). Matching interventions to reading needs: A case for differentiation. *The Reading Teacher*, 70, 307–316. <http://doi.org/10.1002/trtr.1513>
- [37] Liebfreund, M. D., & Amendum, S. J. (2017). Teachers' experiences providing one-on-one instruction to struggling readers. *Reading Horizons: A Journal of Literacy and Language Arts*, 56(4). <https://eric.ed.gov/?id=EJ1165804>
- [38] Alenizi, M. A. K. (2019) Understanding of Reading among Teachers and Learners: A Descriptive Study of Pre-university English Language Teaching /Learning in Saudi Arabia. *Arab World English Journal*, 10(2), 293-306. DOI: <https://dx.doi.org/10.24093/awej/vol10no2.23>
- [39] Decristan, J., Jansen, N. & Fauth, B. (2023). Student participation in whole-class discourse: individual conditions and consequences for student learning in primary and secondary school. *Learning and Instruction*, 86(5). DOI:10.1016/j.learninstruc.2023.101748
- [40] Orié B. et al (2023) Developing and Educational Reading Program: An Advocacy for Struggling Students. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*. <https://cognizancejournal.com/vol3issue12/V3I1206.pdf>
- [41] Young, C., Lagrone, S., & McCauley, J. (2020). Read like me: An intervention for struggling readers. *Education Sciences*, 10(3), 57. <https://doi.org/10.3390/educsci10030057>
- [42] Young, C., Mohr, K. A. J., & Rasinski, T. (2015). Reading Together: A successful reading fluency intervention. *Literacy Research and Instruction*, 54(1), 67–81. <https://doi.org/10.1080/19388071.2014.976678>
- [43] Bernales (2010) Pagbasa at Pagsulat sa Iba't ibang Disiplina. Makati City: Grandwater Publications and Research Corp.
- [44] Ariola, M.M. (2006). Principles and Methods of Research. Sta. Mesa, Quezon City. Rex Printing Company, Inc. 15
- [45] Duke, N. K., & Pearson, P. D. (2002). Effective Practices for Developing Reading Comprehension. *Journal of Education*. ResearchGate. DOI:10.1598/0872071774.10
- [46] Mustaqim Philippines, (n.d.). Kahalagahan ng pagbabasa ng aklat: Isang pagdiriwang ng National Read a New Book Month. <https://mustaqim.com.ph/kahalagahan-ng-pagbabasa-ng-aklat-isang-pagdiriwang-ng-national-read-a-new-book-month/#:~:text=Ang%20regular%20na%20pagbabasa%20ng,kasanayan%20sa%20pagsusulat%20at%20pagsasalita>